# Si Jesus ba ay Kristiyano o Muslim ?

Abo Kareem El-Marakshy

www.islamic-invitation.com

# Si Jesus ba ay Kristiyano o Muslim?

## By: Abo Kareem El-Marakshy

**Copyright** © www.islamic-invitation

Para sa pagkopya, re-printing, o pagkopya ng web site, anumag pahina, o ng buong aklat na ito ay pinapahintulutan at walang kailangan bayaran, subalit ayon sa mga sumusunod na kundisyon: walang anumang babaguhin, idadagdag, o ibabawas at tatanggalin sa nilalaman nito.

## Paunang Salita

Maaari mong itanong sa iyong sarili ang mga sumusunod:

1- Ako ba ay totoong taga-sunod ni Hesu Kristo?

2- Ako ba ay naghahanap ng katotohanan, o kaaway ako ng katotohanan?

3- Si Hesu Kristo ba ay Kristiyano o Muslim?

Sinubukan kong ipunin ang lahat ng impormasyon mula sa iba ibang mapagkakatiwalaang mga aklat at web sites, isulat at isalaysay ito ng buod at maipakita ang direktang paghahambing o pag kukumpara.

Inaanyayahan ko kayo na na suriin ang aklat na ito ng may bukas na puso at kaisipan sa katotohanan, sapagkat ito lamang ang tanging paraan na mag gagabay sa tamang desisyon, na s’yang huhubog sa buhay dito sa mundo at sa kabilang buhay.

## Talaan ng nilalaman


| | |
|---|---|
| Panimula | 3 |
| 1- Kalinisan (Pagdalisay) Paghugas bago mag dasal | 3 |
| 2- Pag tanggal ng sapatos bago mag dasal | 4 |
| 3- Tamang oras sa araw araw na pagdarasal | 5 |
| 4- Pagdarasal nang nakaharap sa particular na direksyon | 6 |
| 5- Pagpapatirapa na ang noo ay nakadikit sa lupa | 7 |
| 6- Pagbubukas ng kamay matapos ang pagdarasal | 8 |
| 7- Pag aayuno | 9 |
| 8- Sugo at Propeta ng Panginoon | 10 |
| 9- Pagsuko at Pagtalima sa Kautusan ng Panginoon (Islam) | 12 |
| 10- Ang Pangalan ng Dakilang Panginoon (Ang Tagapaglikha) | 13 |
| 11- Monotheismo | 13 |
| 12- Mga Anak ng Diyos | 15 |
| 13- Kaligtasan at Tagapagligtas | 17 |
| 14- Omniscience “Walang hanggang Kaalaman” | 18 |
| 15- Mga Himala | 18 |
| 16- Pagbati | 20 |
| 17- Inuming nakalalasing | 20 |
| 18- Karne ng baboy | 21 |
| 19- Pagkatay ng Hayop | 22 |
| 20- Pagkain ng Karne na may Dugo | 23 |
| 21- Naka belong kababaihan | 24 |
| 22- Kalinisan (Pagdalisay) Paghugas ng buong katawan | 25 |
| 23- Poligamya | 26 |
| 24- Pagyuko sa mga Idolo, Imahe, Rebulto, Estatwa at Krus | 27 |
| 25- Pakiki Apid | 29 |
| 26- Kalinisan (Pagdalisay) Pag Tuli | 30 |
| 27- Pagpapataw ng Interes o Tubo | 31 |
| 28- Balbas at Mahabang Pananamit | 32 |
| 29- Pangalan ni Muhammad (PBUH) nabanggit sa Lumang Tipan | 33 |
| 30- Mga Muslim nabanggit sa Biblia | 34 |
| Konklusyon | 35 |
| Mga sanggunian | 35 |

## Panimula


| | |
|---|---|
| Ang salitang Christ ay hango mula sa sinaunang Greek: Χριστός, *Khristós*, na ang ibig sabihin ay 'anointed', isang pagsasalin sa wikang Hebrew מָשִׁיחַ (Māšîaḥ), ang Messiah, at ginamit bilang katawagan para kay Jesus. | Ang Islam" ay nangangahulugan ng kumpleto at perpektong pagsuko, pagsunod at pagtalima sa kautusan ng Dakilang Panginoon. |
| Ang salitang "Christian" ay tumutukoy sa "tagasunod ni Kristo" o "Christ-ian". | Ang salitang "Muslim" ay tumutukoy sa tao na sumusunod at sumusuko sa kautusan ng Dakilang Panginoon. |

Si Jesus 'Sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Panginoon' (PBUH) nagsabi:

| | |
|---|---|
| "Huwag ninyong isipin na ako ay dumating upang sirain ang batas, o ang mga propeta: ako ay dumating hindi para sumira, bagkus ay tumupad. Katotohanan, sinasabi ko sa inyo walang makakalampas sa batas kahit sinuman hanggang sa ang kalangitan at kalupaan ay lumipas, hanggat hindi natutupad ang lahat." (Mateo 5:17-18). | "Sinabi niya sa kanila, "Ito ang sinabi ko sa inyo habang ako ay kasama ninyo: Ang lahat ng nakasulat sa 'the Law of Moses', 'the Prophets' and 'the Psalms' patungkol sa akin ay mangyayari." (Lukas 24:44). |

Si Jesus (PBUH) kailanman ay hindi nagkaroon ng awtoridad na buwagin ang batas. Siya (PBUH) ay may kakayahan lamang upang tuparin, pagtibaying muli, liwanagin at ipatupad ito sa bago o natatanging sitwasyon.

| **Paghahambing** | **Kaparaanan ni Jesus Christ (PBUH)**<br>**Pagsunod sa mga naunang Propeta at pagtupad sa kanilang batas.** |
|---|---|
| **1** Kalinisan (Pagdalisay) Paghugas bago mag dasal | Si Moses (PBUH) at Aaron (PBUH) nagsagawa ng pagdalisay (paglilinis) bago magdasal, naghuhugas sila ng kamay at paa tuwing papasok sa lugar ng pagdadasalan o altar para sa pagdarasal. Ito ay banal na kautusan: (Exodo 40:31-32). Si David (PBUH): (Mga Awit 26:6), (2 Samuel 12:20). |

| | |
|---|---|
|  | Si Jesus (PBUH) ay hindi sumalungat sa pagdadalisay bago magdasal. Nabanggit sa (Santiago 4:8) "Lumapit kayo sa Panginoon at Siya ay lalapit sa inyo. Hugasan ninyo ang inyong mga kamay, kayong mga makasalanan, at dalisayin ang inyong mga puso,...".<br><br>Si Jesus (PBUH) ay maingat na sumunod at nagpatupad ng batas na ito, sapagkat ito ay Banal na Kautusan. |

| Kaparaanan ng mga Kristiyano | Kaparaanan ng mga Muslim |
|---|---|
| Ang mga Kristiyano ay hindi nagsasagawa ng pagdadalisay bago magdasal sa kanilang mga simbahan.<br><br>Hindi sila naghuhugas ng kamay at paa bago magdasal bilang kautusan ng Panginoon.<br><br>Hindi sila sumunod sa batas na ipinatupad ni Jesus (PBUH). | Ang mga Muslims ay nagsasagawa ng pagdadalisay bago magdasal sa kanilang mga Mosque, naghuhugas sila ng kamay, paa, mukha ... atbp. Ang Maluwalhating Qur'an (5:6).<br>Si Uthman ibn Affan (kaluguran nawa siya ng Panginoon) ay nagsabi na si Propeta Muhammad (PBUH), ay nagsabi, Siya na nagsagawa ng maayos na pagdadalisay (wudu'), ang kanyang kasalanan ay lalabas mula sa kanyang katawan, kahit sa ilalim ng kanyang kuko ay lalabas ito. (Sahih Muslim). |

| | |
|---|---|
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Kristiyano?** | |
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Muslim?** | ✔ |

| **Paghahambing** | **Kaparaanan ni Jesus Christ (PBUH)**<br>**Pagsunod sa mga naunang Propeta at pagtupad sa kanilang batas.** |
|---|---|
| **2- Pagtanggal ng sapatos bago magdasal** | Si Moses (PBUH) ay tumanggap ng Banal na Kautusan na tanggalin ang kanyang sapatos (shoes) bago pumasok at magdasal sa banal na lupa: (Exodo 3:5) at (Mga Gawa 7:33). |

| | |
|---|---|
|  | Si Jesus (PBUH) ay maingat na sumunod at nagpatupad ng batas na ito, sapagkat ito ay Banal na Kautusan. |

| Kaparaanan ng mga Kristiyano | Kaparaanan ng mga Muslim |
|---|---|
| Ang mga Kristiyano ay hindi nagtatanggal ng sapatos bago pumasok at magdasal sa kanilang mga simbahan. Hindi sila sumunod sa batas na ipinatupad ni Jesus (PBUH). | Ang mga Muslim ay nagtatanggal ng sapatos bago pumasok at magdasal sa kanilang Mosque. Ang Maluwalhating Qur'an (20:11-12). |

| | |
|---|---|
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Kristiyano?** | |
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Muslim?** | ✔ |

| **Paghahambing** | **Kaparaanan ni Jesus Christ (PBUH)**<br>**Pagsunod sa mga naunang Propeta at pagtupad sa kanilang batas.** |
|---|---|
| **3- Tamang oras sa araw araw na pagdarasal**<br> | Ang oras ng pag darasal ayon sa Bibliya ay: Gabi, umaga, at tanghali: (Mga Awit 55:17), kahit ilang beses na pagdarasal maaaring isagawa sa tatlong oras na ito, nasasaad sa (Mga Awit 119:164) \`Pitong beses sa araw araw ako nagbibigay papuri sa Iyo, ...'. Panimulang umagang dasal / panalangin ay binanggit sa Aramaic na Bibliya sa wikang Ingles: (Mga Awit 5:3), dasal/panalangin bago magbukang liwayway: (Mga Awit 119:147). dasal/panalangin sa hating gabi: (Mga Awit 119:62). May mga takdang oras sa pagdarasal: (Mga Awit 32:6), (Mga Awit 69:13). Ito ay malinaw na hindi katanggap-tanggap, na pabayaan ang tamang oras ng panalangin ayon kay David (PBUH).<br><br>Si Jesus (PBUH) ay maingat na sumunod at nagpatupad ng batas na ito, sapagkat ito ay Banal na Kautusan. |

| Kaparaanan ng mga Kristiyano | Kaparaanan ng mga Muslim |
|---|---|
| Maraming mga Kristiyano ang nagsasagwa ng hindi pormal na pamamaraan sa kanilang pagdarasal, sa umaga at sa gabi o dasal pasasalamat bago kumain, ang ganitong kaparaanan ay hindi sapat sapagkat ito ay hindi wasto at hindi nauulit.<br><br>Hindi sila sumunod sa batas na ipinatupad ni Jesus (PBUH). | Ang mga Muslim ay dapat regular na isinasagawa ang limang beses na pagdarasal sa takdang oras, bawat dasal ay umaabot ng lima hanggang sampung minuto. Ang limang panalangin ay isinasagawa sa takdang oras: 1 madaling araw, 2 tanghali, 3 hapon, 4 makalubog ang araw, 5 gabi. Meron din mga boluntaryo / opsyunal na panalangin.<br>Ang Maluwalhating Qur'an: (20:132), (7:205), (33:42), (48:9), (76:25), (24:58), (52:49), (17:78), (11:114), (20:130). |

| | |
|---|---|
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Kristiyano?** | |
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Muslim?** | ✔ |

| Paghahambing | Kaparaanan ni Jesus Christ (PBUH)<br>Pagsunod sa mga naunang Propeta at pagtupad sa kanilang batas. |
|---|---|
| **4- Pagdaral nang nakaharap sa partikular na direksyon**<br><br>Jerusalem<br><br><br>(Ka'bah) in Mecca<br> | Si David (PBUH) ay sumasamba sa Dakilang Panginoon tungo sa direksyon ng Banal na Templo: (Mga Awit 5:7), (Mga Awit 138:2), ayon sa Gill's Exposition of the Entire Bible "**Hindi** sa templo sa Jerusalem, na hindi pa noon yari... kung hindi sa Tabernacle of Moses, na tinawag na - the ark.", subalit ang 'Tabernacle of Moses' ay hindi Banal na Templo!, kaya ang tanong ay: ano ang ibang Banal na Templo na siyang direksyon ni David (PBUH) sa kanyang panalangin?! Si Solomon (PBUH) ay nagdasal tungo sa direksyon ng Banal na Templo sa Jerusalem: (2 Mga Cronica 6:21), Si Daniel (PBUH): (Daniel 6:10), Si Jonah (PBUH): (Jonas 2:7).<br><br>At ganun din sa panahon ni Jesus (PBUH), ang direksyon ng pagdarasal ay tungo sa Jerusalem: (Juan 4:20-21). Si Jesus (PBUH) ay nagsabi na ang totoong mananampalatya ay sasambahin ang Panginoon sa "espiritu at katotohanan": (Juan 4:23-24), ibig sabihin "sila ay taus-puso sa kanilang pagsamba", hindi ito nangangahulugan na sasamba sila sa Panginoon sa kahit saang direksyon. |

| | |
|---|---|
| | Si Jesus (PBUH) ay maingat na sumunod sa mga naunang propeta at nagdasal paharap sa direksyon ng Banal na Templo. |

| **Kaparaanan ng mga Kristiyano** | **Kaparaanan ng mga Muslim** |
|---|---|
| Ang mga sinaunang simbahan na itinayo ay nakaharap sa Silangan, bilang simbolo ni Kristo (the rising sun). Karaniwan din na nakaharap sa Jerusalem tuwing nagdarasal.<br>Kalaunan, ang mga Kristiyano ay humaharap sa kahit saang direksyon tuwing magdarasal .<br><br>Hindi sila sumunod sa batas na ipinatupad ni Jesus (PBUH).. | Ang mga sinaunang Muslim ay nagdasal paharap sa direksyon ng Jerusalem sa maiksing panahon, at Ang Dakilang Panginoon (Allah) inutusan si Propeta Muhammad (PBUH) na baguhin ang direksyon tungo sa Banal na Mosque (Ka'bah) sa Mecca (Makkah).<br>Ang Maluwalhating Qur'an: (2:144). |

| | |
|---|---|
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Kristiyano?** | |
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Muslim?** | ✔ |

| **Paghahambing** | **Kaparaanan ni Jesus Christ (PBUH)**<br>**Pagsunod sa mga naunang Propeta at pagtupad sa kanilang batas.** |
|---|---|
| **5-** Pagpapatirapa na ang noo ay nakadikit sa lupa<br> | Ang mga naunang Propeta at kanilang mga tagasunod ay nagpatirapa sa pagdarasal, sila ay yumuko at ang kanilang mga mukha sa dumidikit sa lupa, Si Abraham (PBUH): (Genesis 17:3), (Genesis 17:17), Si Moses (PBUH) at Si Aaron (PBUH): (Exodo 34:8), (Mga Bilang 16:22), (Mga Bilang 20:6), Si Joshua (PBUH): (Josue 5:14), (Josue 7:6), Si Elijah (PBUH): (1 Mga Hari 18:42), Si David (PBUH): (Mga Awit 22:29), (1 Samuel 20:41), pagkatapos ni Solomon (PBUH) magdasal: (2 Cronica 7:3), noong nagdasal ng Ezra (PBUH): (Nehemias 8:6), Ang mga Banal na Anghel: (Mga Pahayag 7:11).<br><br>Si Hesu Kristo (PBUH) kailanman ay hindi nag anyaya sa mga tao na sambahin siya kaysa sa Diyos, o bilang Diyos, o bilang anak ng Diyos. Ang batas na ito ay nasasad ng malinaw sa (Mga Bilang 23:19): "Ang Diyos ay hindi tao, na magsisinungaling; hindi rin anak ng tao, na kinakailangan |

| | |
|---|---|
| | humingi ng kapatawaran...". Ang Diyos ay hindi tao : (1Samuel 15:29), (Hosea 11:9).<br><br>Si Jesus (PBUH) ay maingat na sumunod at nagpatupad ng batas na ito, at yumuko, nagpatirapa habang ang kanyang mukha ay nakalapat sa lupa at nag dasal sa Dakilang Panginoon: (Mateo 26:39), (Marcus 14:35), ang mga desipolo ni Jesus (PBUH) ay gayun din: (Mateo 17:6). |

| Kaparaanan ng mga Kristiyano | Kaparaanan ng mga Muslim |
|---|---|
| Ang mga Kristiyano ay lumuluhod nang nakaharap sa Krus, magkatakip ang kanilang kamay habang nagdarasal, nag lalagay ng krus umpisa sa noo, pababa sa dibdib at pahalang sa magkabilaang balikat, ang ganitong gawain ay hindi maidadahilan na katuruan ni Jesus (PBUH).<br><br>Ang mga Kristiyano ay hindi yumuyuko at hindi nagpapatirapa sa lupa. Hindi sila sumusunod sa kaparaanan ng pagsamba ni Jesus (PBUH). | Ang mga Muslim ay nagpapatirapa sa pagdarasal, yumuyuko sila at ang kanilang mukha ay lumalapat sa lupa tuwing nagdarasal.<br>Ang Maluwalhating Qur'an: (22:77), (7:206), (13:15), (17:109), (19:058), (25:060), (96:019), (32:015), (38:024), (53:062), (76:026), (10:9-10). |

| | |
|---|---|
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Kristiyano?** | |
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Muslim?** | ✔ |

| Paghahambing | Kaparaanan ni Jesus Christ (PBUH)<br>Pagsunod sa mga naunang Propeta at pagtupad sa kanilang batas. |
|---|---|
| **6- Pagbubukas ng kamay matapos ang pagdarasal**<br> | Si Solomon (PBUH) ibinubuka pataas ang kanyang kamay matapos magdasal at pinapapurihan ang Dakilang Panginoon at hinihingi ang kanyang basbas o biyaya: (1 Mga Hari 8:54).<br><br>Si Jesus (PBUH) ay maingat na sumunod at nagpatupad ng batas na ito. |

| Kaparaanan ng mga Kristiyano | Kaparaanan ng mga Muslim |
| --- | --- |
| Ang mga Kristiyano ay hindi ibinubuka ang kamay matapos magdasal. Hindi sila sumunod sa mga gawaing pagsamba na ipinatupad ni Jesus (PBUH). | Ang mga Muslims ay ibinubuka ang kamay tuwing nagsasagawa ng 'Qonoot' at pagkatapos mag dasal (nagsasagawa ng Du'a o nagsusumao sa Panginoon), pinupuri ang Panginoon, humihingi ng Kanyang kapatawaran at ng biyaya at pagpapala. Ang Maluwalhating Qur'an: (2:255, 286), (25: 74). |


| | |
| --- | --- |
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Kristiyano?** | |
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Muslim??** | ✔ |

| Paghahambing | Kaparaanan ni Jesus Christ (PBUH)<br>Pagsunod sa mga naunang Propeta at pagtupad sa kanilang batas. |
| --- | --- |
| **7- Pag aayuno**<br><br> | Si Moses (PBUH) ay nag ayuno ng 40 araw, ni hindi siya kumain ng tinapay, o uminom ng tubig: (Deuteronomio 9:9), (Exodo 34: 28). Ang mga naunang mga propeta ay nag ayuno din, Si David (PBUH): (2 Samuel 12:22), Si Elijah (PBUH): (1 Mga Hari 19:8), Si Ezra (PBUH): (Ezra 10:6), Si Daniel (PBUH): (Daniel 9:3).<br>Ang espesyal na buwan ng pag aayuno ay naipanukala noong panahon ng pagkakabihag kay Juda sa Babylonia: (Zacarias 8:19). Ang tiyak na araw ng pag aayuno: (Jeremias 36:6). Ang tamang buwan sa pag aayuno (ang ika-9 na buwan): (Jeremias 36:9).<br><br>Si Hesu Kristo (PBUH) ay tinupad ang pagbabatas na ito, at nag ayuno ng 40 araw hindi kumain o uminom, at siya ay nagutom: (Mateo 4:2), (Mateo 6:16).<br>Siya ay maingat na sumunod at nagpatupad ng batas na ito. |

| Kaparaanan ng mga Kristiyano | Kaparaanan ng mga Muslim |
| --- | --- |
| Ang paraan ng mga Kristiyano sa pag aayuno ay kakaiba, ang ilan | Ang mga Muslimn nag aayuno, mula sa madaling araw hanggang sa makalubog ito sa buong buwan ng Ramadan |

| | |
|---|---|
| sa kanila ay hindi kumakain ng mabigat sa tiyan na pagkain, ang iba naman ay hindi kumakain ng piling mga pagkain lamang (halimbawa karne, isda, manok at itlog), ag ilan naman ay hindi umiinom (hal. Gatas at alak).<br><br>Sila ay hindi nag ayuno tulad nag kay Jesus (PBUH) na <u>hindi kumain o uminom</u> sa loob ng nakatakdang oras o panahon, hindi nila naranasan ang <u>magutom</u> at <u>mauhaw</u>.<br><br>Hindi sila sumunod sa batas na <u>ipinatupad</u> ni Jesus (PBUH). | (<u>ika-9 na buwan</u> ) , pag aayuno mula sa pagkain, inumin, pakikipagtalik, paninigarilyo, panlilibak, pagsisinungaling at iba pa. Sila ay nakararanas ng <u>gutom</u> at <u>uhaw</u>, ang pag aayuno ay nakakatulong sa kanila sa pagsunod sa Panginoon, nagiging mas sensitibo sa pinagdaraanan ng iba, nahuhubog ang desiplina sa sarili at pinahahalagahan ang kanilang pagkaka-isa. Ang Maluwalhating Qur'an (2:183-185, 187, 196). |

| | |
|---|---|
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Kristiyano?** | |
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Muslim?** | ✔ |

| **Paghahambing** | **Kaparaanan ni Jesus Christ (PBUH)**<br>**Pagsunod sa mga naunang Propeta at pagtupad sa kanilang batas.** |
|---|---|
| **8- Ang Sugo at Propeta ng Panginoon**<br><br> | Sinabi ni Jesus na ipinadala siya ng Diyos, hal. <u>Sugo</u> ng Dakilang Panginoon: (Juan 7:16), (Juan 17:3), (Juan 5:30), (Juan 4:34), (Juan 6:38) at (Juan 11: 41-42). Tinukoy ni Hesus ang kanyang sarili bilang isang propeta: (Lucas13:33-34), at ang iba ay tinawag siyang <u>Propeta</u>: (Lucas 7:16), (Lucas 24:17-22), (Juan 4:19), (Juan 6:14), (Mateo 21:11), (Juan9:17). Si Hesus ay tinukoy din bilang lingkod ng Panginoon: (Mga Gawa 3:13), (Mga Gawa 4:27). Si Jesus ay ipinadala lamang para sa Israelita at hindi sa mga Gentil: (Mateo 10:5-6), (Mateo 15:24-27). Siya (PBUH) ay tinawag na "<u>anak ng Tao</u>": (Mateo 12:32), (Mateo 12:40), (Mateo 17:9), (Juan 6:27). Si Jesus (PBUH) ay inilarawan din bilang isang <u>taong</u> pinahintulutan ng Panginoon': (Mga Gawa 2:22). Ang batas na ito ay binanggit sa Lumang Tipan: "Ang Diyos <u>ay hindi tao</u>, na <u>nagsisinungaling</u>; <u>hindi rin anak ng tao</u>, na <u>dapat maghingi ng</u> |

| | |
|---|---|
| | kapatawaran..." (Mga Bilang 23:19), Ang Diyos ay hindi tao: (1Samuel 15:29), (Hosea 11:9).<br><br>Ang panalangin ni Jesus (PBUH) ay binigyan ng tugon, subalit ang tugon dito ay sa pamamagitan ng anghel, na nagpakita, upang patibayin siya: (Lucas 22:43). Si Jesus (PBUH) ay nagpatupad ng batas na ito, kanyang ipinahayag na siya ay Sugo at Propeta ng Panginoon. |

| **Kaparaanan ng mga Kristiyano** | **Kaparaanan ng mga Muslim** |
|---|---|
| Ang mga Kristiyano ay naniniwala na si Jesus ay pangalawa sa tatlong persona ng diyos, ang anak ng unang persona, at sa "kabuan" Diyos sa bawat aspeto. Sila ay naniniwala na si Jesus ay "Banal" at Diyos na nagkatawang Tao, may dalawang katangian, banal at tao. Sa pananaw ng mga Kristiyano, ang tagapamagitan sa pagitan ng Diyos at tao ay kinakailangang parehong tao at diyos at hindi tao lamang tulad ng nakasaad : (1 Timoteo 2:5).<br><br>Karamihan sa mga Kristiyano hindi naniniwala na si Jesus (PBUH) ay isang Sugo lamang, isang Propeta, isang lingkod ng Diyos, at isang tao gaya ng iginigiit mismo ni Jesus (PBUH) sa kanyang sarili. Ang mga Kristiyano ay hindi sumusunod sa pagbabatas na ipinatutupad ni Jesus (PBUH). | Ang mga Muslim ay nagsasalita ng may parehong paggalang patungkol kay Jesus at sa kanyang inang si Birheng Maria. Sila ay naniniwala na ang Panginoon ay nagbigay ng mga kapahayagan hindi lamang kay Abraham (PBUH) at Moses (PBUH), kung hindi, kay Jesus (PBUH) at sa iba pang mga propeta. Sila ay naniniwala na si Jesus (PBUH) ay isa sa banal na Sugo ng Panginoon, nagtataglay ng kaalaman at karunungan, pinagpala, ipinanganak na walang ama katulad ni Adan (PBUH). Ang mahimalang kapanganakan ni Jesus (PBUH) ay hindi nangangahulugan ng kanyang pagiging ganap na Diyos, o isang anak ng Diyos o isang ipinanganak na anak ng Diyos. Sa Qur'an, tinawag si Jesus (PBUH) bilang Salita ng Diyos "Mangyari", hindi ito nangangahulugan na si Jesus ay Diyos o anak ng Diyos Ang Maluwalhating Qur'an (112:1-4), (5:73), (19: 31-33). |

| | |
|---|---|
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Kristiyano?** | |
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Muslim?** | ✔ |

| Paghahambing | Kaparaanan ni Jesus Christ (PBUH)<br>Pagsunod sa mga naunang Propeta at pagtupad sa kanilang batas. |
|---|---|
| **9- Pagsunod, pagsuko at pagtalima sa kautusan ng Dakilang Panginoon (Islam)**<br> | Isinuko ni Jesus (PBUH) ang kanyang sarili sa kalooban ng Panginoon na Siyang PinakaMakapangyarihan sa lahat: (Lucas 22:42), (Mateo 26:39), (Marcus 14:36). Ang pinakamatandang pagsasalin ng Biblya ay sa wikang Griyego, ang pag suko, pagsunod at pagtalima sa Diyos ay nabanggit: (Santiago 4:7), sa lumang Griyegong lenguahe: (Ὑποτάγητε οὖν τῷ Θεῷ) at sa modernong lenguahe ng Griyego: (Υποταχθείτε, λοιπόν, στον Θεό), **ang Ingles na salin**: Submit yourself therefore to God, hal. "Yakapin mo ang Islam".<br>Si Jesus (PBUH) ay sumamba sa Dakilang Panginoon: (Lucas 5:16), (Mateo 26:39), (Mateo 26:42), (Mateo 26:44). Nagdasal at humingi ng tulong sa Panginoon na buhaying muli si Lazarus: (Juan 11:41-43). Siya ay palagiang nagpapakita ng pagsunod sa Panginoon: (Juan 5:30), (Juan 14:31). Si Hesu Kristo (PBUH) ay nagpatupad ng batas na ito, Kanyang isinuko ang kanyang sarili sa Panginoon i.e. Si Jesus (PBUH) ay nagpahayag ng kanyang Islam. |

| Kaparaanan ng mga Kristiyano | Kaparaanan ng mga Muslim |
|---|---|
| Ang mga Kristiyano ay nagpahayag ng katapatan kay Jesus. Sila ay naniniwala na walang makakapunta sa Panginoon maliban sa pamamagitan ni Jesus. hal. Sa pamamagitan ng pagsunod kay Jesus.<br><br>Kanilang binalewala ang pagsunod, pagsuko at pagtalima ni Jesus (PBUH) sa Panginoon.<br>Ang mga Kristiyano ay hindi sumusunod sa pagbabatas na ipinatutupad ni Jesus (PBUH). | Ang mga Muslim ay naniniwala na ang lahat ng mga Propeta mula sa simula ng paglikha ay mga Muslim: (Noah, Abraham, Jacob, Lot, Joseph, Moses, Solomon, Jesus) at ang pinakahuli, si Propeta Muhammad (sumakanila nawa ang kapayapaan) dahil sila ay nagpahayag ng parehong mensahe, at ang kanilang paraan ng pamumuhay ay: "Pagsunod, pagsuko at pagtalima sa kagustuhan / kautusan ng Dakilang Panginoon". hal. Kanilang ipinahayag ang Islam. Ang Maluwalhating Qur'an (10:72), (2:128,132-133), (51:31-36), (12:101), (5:3, 44), (27:30-31, 38, 42, 44), (3:19-20, 52, 83), (40:66). |

| | |
|---|---|
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Kristiyano?** | |
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Muslim?** | ✔ |

| Paghahambing | **Kaparaanan ni Jesus Christ (PBUH)**<br>**Pagsunod sa mga naunang Propeta at pagtupad sa kanilang batas.** |
|---|---|
| **10-** Ang Pangalan ng Dakilang Panginoon (Ang Tagapaglikha)<br> | Aramaic ang salita ni Jesus (PBUH), Ang pangalan ng Panginoon sa Aramaic ay (ܐܠܗܐ), at sa Estrangela script ay (ܐܠܗܐ) at binabasa ng 'Alah', sa Arabic, ang pangalan ng Panginoon ay (ﷲ) at binabasa ng 'Allah'. Sa Hebrew, isa sa pinaka simple na salitang ginagamit patungkol sa Diyos ay, (אלה) at ang basa ay 'Eloh', na madaling bigkasin na 'Alah', ang suffix na "im" sa salitang ( אֱלֹהִים ) "Eloh-im" ay pangmaramihang katawagan: (Genesis 1:1). Ayon sa Biblia, ginagamit ni Jesus (PBUH) ang dalawang salita na ito 'ELI' : (Mateo 27:46) at 'ELOI': (Marcus 15:34), ang dalawang salita na ito ELI at ELOI ay hango sa salitang 'Eloh' (אֱלֹהִי) sa Hebrew, Elah o Allah sa Arabic at hindi katunog ng "Jehovah". |

| Kaparaanan ng mga Kristiyano | Kaparaanan ng mga Muslim |
|---|---|
| Ang pangalan ng Diyos para sa mga Arabong Kristiyano ay Allah.<br><br>Hindi ginagamit ng mga Kristiyano ang mga katawagang ito: Eloh (אֱלֹהִי) o Eli o Eloi o Allah (ﷲ) bilang pangalan ng Panginoon. Hindi nila sinusunod ang kaparaanan ni Jesus. | Ang mga Muslim ay sumasamba sa parehong Panginoon na sinasamba nila propeta Noah, Abraham, Moses, David and Jesus (sumakanilang lahat nawa ang kapayapaan).<br><br>Ang pangalan ng Dakilang Panginoon ay Allah. Ang Maluwalhating Qur'an (2:255), (59:22-24), (112:1-4 ). |

| | |
|---|---|
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Kristiyano?** | |
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Muslim?** | ✔ |

| Paghahambing | **Kaparaanan ni Jesus Christ (PBUH)**<br>**Pagsunod sa mga naunang Propeta at pagtupad sa kanilang batas.** |
|---|---|
| **11- Monoteismo** | Walang sinuman sa mga naunang propeta ang nagturo ng doktrina ng Trinidad. Bagkus, ipinahayag nila ang Kaisahan ng Diyos. Ika-20 bersekulo 3 ng Exodo ay nagsasaad, "Huwag kang magkakaroon ng ibang diyos maliban sa Akin." Ang salita ng Panginoon ay simple, malinaw at |



hindi magkasalungat at hindi nakakalito. "Ako ang iyong Panginoong Diyos."

Ang lahat ng naunang mga Propeta, ay nagpahayag ng Monoteismo, si Moses (PBUH): (Exodo 3:14-15), (Exodo 20:2), (Genesis 17:1), (Exodo 20:3-5), (Levitico 19:3- 4). (Deuteronomio 6:13), (Exodo 18:11), (Deuteronomy 6:4-9). Si David (PBUH): ( Mga Awit 83:18, 104:1, 105:7, 118:27, 118:28), Si Solomon (PBUH): (Mga Kawikaan 9:10), (Mga Mangangaral 12:13), Si Isaias (PBUH): (Isaias 45:19, 43:10-11, 44:6, 45: 21-23, 40:28). "Walang nakakakita sa Diyos, o nakaririnig sa Kanyang boses": (Exodo 33:20). "Ang Diyos ay hindi tao, na siya ay magsisinungaling; hindi rin anak ng tao, na kailangan humingi ng tawad o magsisi...": (Mga Bilang 23:19), Ang Diyos ay hindi tao: (1Samuel 15:29), (Hosea 11:9).

Sinabi ni Jesus (PBUH): "Ang pinaka-mahalagang utos ay: 'Makinig kayo, O Israel! Ang Panginoon na ating Diyos ay ang nag-iisa at bukod tanging Panginoon.": (Marcus:12:29). Hindi kailanman sinabi ni Jesus na "Ako ng Diyos sambahin ninyo Ako. Tinawag Niya (PBUH) ang mga tao upang manalangin, sumamba at pagsilbihan bukod-tangi ang Panginoon lamang: (Marcus 14:32), (Lucas 5:16), (Juan 17:3), (Mateo 4:10), (Lucas 4:8), (Marcus 12:28-29). Sinabi ni Jesus (PBUH) na Walang mabuti maliban ang Panginoon lamang: (Lucas 18:18-19), (Marcus 10:18), (Mateo 19:17). Walang sinuman ang nakakita sa Diyos, o nakarinig ng Kanyang boses: (Juan 5:37). Ang kaisahan ng Panginoon ay paulit-ulit na ipinahayag: (Santiago 4:12).

Ang Panginoon ay hindi nagbabago (Santiago 1:17).


Tinanggap ng mga desipolo ni Jesus (PBUH) ang katuruan na ito at nanampalataya sa isang tunay na Dioys. Maingat na sinunod at ipinatupad ni Jesus (PBUH) ang batas ng Kaisahan ng Diyos "ang batas ng Monoteismo."

| **Kaparaanan ng mga Kristiyano** | **Kaparaanan ng mga Muslim** |
|---|---|
| Nilabag ng mga Kristiyano ang kauna-unahang kautusan sa pamamagitan ng pag | Ang mga Muslim ay naniniwala na ang lahat ng mga propeta ay ipinadala ng nag-iisang Diyos, ang Tagapaglikha, upang ipahayag ang |

| | |
|---|---|
| samba kay Jesus bilang Diyos o bilang anak ng Diyos.<br>Ang Unang Konseho ni Constantinople ay gumawa ng isang pahayag patungkol sa Trinidad at tinukoy ang Banal na Espiritu ay may parehong Kabanalan na ipinahayag para sa Anak sa pamamagitan ng Council of Nicea, 56 na taong mas maaga.<br>hal. Dalawang diyos ang naidagdag sa Pinakamakapangyarihang Panginoon.<br>1-Diyos Ama = Ang Tagapaglikha.<br>2-Diyos Anak = Ang Tagapagligtas.<br>3-Diyos Espiritu Santo = Ang Tagapayo.<br><br>Ang mga kristiyano ay lumihis mula sa batas ng Nag-Iisang diyos , kinilala nila si Jesus (PBUH) bilang pinaka mataas, sa hanay ng Panginoon.<br><br>Ang mga kristiyano ay hindi sumunod sa batas ng Monoteismo na <u>ipinatupad</u> ni Jesus (PBUH). | parehong mensahe: Ang Totoong Diyos ay Nag-Iisa lamang, Sambahin Siya ng Bukod-Tangi at panatilihin ang kanyang Kautusan.<br>Ang Maluwalhating Qur'an (2:136), (7:59), (2:132), (21:25), (27:61), (27:63), (27:64), (1:1-5), (2:225), (5:76), (20:8), (59:23).<br><br>Sa Maluwalhating Qur'an 112 ay binigyang diin at ipinaliwanag ang batas ng Nag-iisang Diyos: Sabihin, "Siya ang Allah , [ang] Nag-iisa, (1)<br>Ang Walang Hanggang Taga-Kanlong. (2)<br>Siya ay Hindi Nanganak o Ipinanganak, (3)<br>at Siya ay Walang Katumbas." (4). |

| | |
|---|---|
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Kristiyano?** | |
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Muslim?** | ✔ |

| **Paghahambing** | **Kaparaanan ni Jesus Christ (PBUH)**<br>**Pagsunod sa mga naunang Propeta at pagtupad sa kanilang batas.** |
|---|---|
| **12- Mga anak ng Diyos** | Ang paggamit ng mga katagang "mga Anak ng Diyos" hindi nangangahulugan o nagpapahiwatig ng diyos at ito ay ordinaryong kagawian sa mga Hudyo na tawagin ang kanilang mga sarili na "mga anak ng Diyos" o "anak ng Diyos". Sa Bibliya, ang katagang ito "anak ng Diyos" ay <u>hindi</u> lamang si Jesus ang tinutukoy. Ayon sa Bibliya ang Diyos ay <u>maraming anak</u>!. Si Jacob: (Exodo 4:22), Si Solomon: (2 Samuel 7:13-14), Si Ephraim: (Jeremias 31:9), Si Adam (Lucas 3:38), kahit <u>karaniwang tao</u> |







ay tinawag ding "mga anak ng Diyos": (Deuteronomio 14:1), (Genesis 6:2), (Genesis 6:4), (Mga Awit29:1), (Job 38:7), (Job 2:1), (Job 1:6).
Si Jesus (PBUH) ay nagsabi na ang "the peace makers" ay "anak ng Diyos". Sa tradisyon ng mga Hudyo, ang sinuman na sumusunod sa kautusan ng Diyos ay tinatawag na "anak ng Diyos": (Genesis 6:2,4), (Exodo 4:22), (Jeremias 31:9), (Mga Awit 2:7), (Lucas 3:38), (Mga taga Roma 8:14), (Juan 6:35). i.e. kung sinabi ni Jesus sa Bibleya na siya ay "anak ng Diyos", hindi nito itinataas ang kanyang sarili kapantay ng Panginoon.
Si Jesus (PBUH) kailanman hindi nagsabi na "Ako ang Diyos, sambahin ninyo Ako". Maingat Niyang (PBUH) sinunod ang mga naunang propeta at ipinatupad ang batas.

| **Kaparaanan ng mga Kristiyano** | **Kaparaanan ng mga Muslim** |
|---|---|
| Si Jesus ay sinasamba ng Kristiyano bilang anak ng unang bahagi ng ikatlong Diyos, itinuturing nila si Jesus (PBUH) na "ganap" na diyos sa lahat ng oras.<br><br>Pinasinungalingan ni Jesus (PBUH) ang panlilinlang ng Trinidad at hindi kailanman ito pinuri sa Bibliya. At Siya mismo ay sumasamba sa Nag-iisang Dakilang Panginoon.<br><br>Ang mga kristiyano ay hindi sumunod sa batas ipinatupad ni Jesus (PBUH). | Ang Panginoon (Allah) ay hindi nagkaroon ng anak, o asawa. Hindi Niya kailangan ang anak o asawa upang makatulong niya. Siya ay walang pangangailangan, Nag-iisa, Buhay at Totoong Hari.<br><br>Itinama ng Panginoon ang mga Hudyo at mga Kristiyano sa kanilang maling pag-uanawa sa "Anak ng Diyos".<br><br>"At sinabi nila: "(Ang Panginoon) ang Mapagpala ay nagkaroon ng anak." Purihin ang Panginoon! Sila ay mga Tagapaglingkod na itinaas ang karangalan (ang Maluwalhating Quran, 21:26) |

| | |
|---|---|
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Kristiyano?** | |
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Muslim?** | ✔ |

| Paghahambing | Kaparaanan ni Jesus Christ (PBUH)<br>Pagsunod sa mga naunang Propeta at pagtupad sa kanilang batas. |
|---|---|
| **13- Kaligtasan**<br><br>**at**<br><br>**Tagapagligtas**<br><br> | Ang pagpapatawad sa kasalanan ay bukod tanging sa Dakilang Panginoon lamang: (Isaias 43:25), (Isaias 44:22), (Isaias 33:22), (Isaias 64:9), (Jeremias 31:34), (Ezekiel 18:22), (Ezekiel 33:16), (Mikas 7:18), (Mikas7:19). **Ang Panginoon lamang** ang tanging Tagapagligtas: (Jude 1:25), (Deuteronomio 32:15), (2 Samuel 22:3 ), (2 Samuel 22:47), (1 Mga Cronica 16:35), (Mga Awit 17:7), (Mga Awit 18:46), (Mga Awit 24:5), (Mga Awit 25:5), (Mga Awit 27:9), (Mga Awit 38:22), (Mga Awit 42:5), (Mga Awit 42:11), (Mga Awit 43:5), (Mga Awit 65:5), (Mga Awit 68:19), (Mga Awit 79:9), (Mga Awit 85:4), (Mga Awit 89:26), (Mga Awit 106:21), (Isaias 17:10), (Isaias 19:20), (Isaias 43:3), (Isaias 43:11), (Isaias 45:15), (Isaias 45:21-22), (Isaias 49:26), (Isaias 60:16), (Jeremias 14:8), (Hosea 13:4), (Micas 7:7), (Habakkuk 3:18). Ang salitang "Tagapagligtas" sa Bibliya ay hindi limitado kay Jesus lamang. Ang Bibliya nagsabi na mayroong ibang tao na tinawag din na "Tagapagligtas" kahit hindi diyos!. Si Jeroboam anak ni Jehoash: (2 Mga Hari 14:27), si Othniel anak ni Kenaz: (Mga Hukom 3:9), Si Ehud anak ni Gera: (Mga Hukom 3:15).<br>Ang Kaligtasan ayon kay Jesus (PBUH) ay sa pamamagitan lamang ng pananatili sa kautusan ng Dakilang Panginoon (Mateo 19:16-17).<br>Si Jesus (PBUH) ay maingat na sumunod at nagpatupad ng batas na ito. |

| Kaparaanan ng mga Kristiyano | Kaparaanan ng mga Muslim |
|---|---|
| Ang mga Kristiyano ay naniniwala na ang kanilang kaligtasan ay sa pamamagitan ni Jesus, naniniwala sila sa Kanyang Kabanalan at sa pagkakapako nito sa krus, na tinubos na ni Jesus ang kanilang kapatawaran nang mamatay ito sa krus. Sila ay naniniwala na si Jesus ang kanilang Tagapagligtas, at patatawarin nito ang kanilang mga pagkakamali at pagkakasala.<br>Ang mga kristiyano ay hindi sumunod sa batas ipinatupad ni Jesus (PBUH). | Ang mga Muslim naniniwala na ang Panginoon (Allah) ang kanilang kaligtasan, Siya ang kanilang Tagapagligtas dito sa mundo at sa araw ng paghuhukom. Ang mga Muslim ay naniniwala na walang sinuman ang responsable sa pagkakamali ng iba. Ang Maluwalhating Qur'an (6:164).<br>Ang mga Muslim ay naniniwala na Ang Panginoon ang nagligtas kay Jesus sa pagkaka-pako sa krus, na hindi ito napatay o napako sa krus. Ang Maluwalhating Qur'an (4:157). |

| | |
|---|---|
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Kristiyano?** | |
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Muslim?** | ✔ |

| **Paghahambing** | **Kaparaanan ni Jesus Christ (PBUH)**<br>**Pagsunod sa mga naunang Propeta at pagtupad sa kanilang batas.** |
|---|---|
| **14- Omniscience (Walang hanggang Karunungan)**<br> | Itinanggi ni Jesus (PBUH) ang "omniscience" kaalaman sa hindi nakikita at sa araw ng paghuhukom: (Marcus 13:32), (Mateo 24:36). |

| **Kaparaanan ng mga Kristiyano** | **Kaparaanan ng mga Muslim** |
|---|---|
| Ang mga Kristiyano ay iniuugnay ang “walang hanggang karunungan” kay Jesus.<br>Itinanggi ito ni Jesus (PBUH). Ang mga kristiyano ay hindi sumunod sa batas na ipinatupad ni Jesus (PBUH). | Ang Makapangyarihang Diyos ay ang may perpektong kaalaman. Ang mga Muslim ay naniniwala sa walang hanggang Karunungan ng Allah, Siya ang Nakakaalam sa nakaraan at sa hinaharap. Ang Maluwalhating Qur'an (49:18) |

| | |
|---|---|
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Kristiyano?** | |
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Muslim?** | ✔ |

| **Paghahambing** | **Kaparaanan ni Jesus Christ (PBUH)**<br>**Pagsunod sa mga naunang Propeta at pagtupad sa kanilang batas.** |
|---|---|
| **15- Mga Himala** | Si Jesus (PBUH) at ang mga naunang mga Propeta gumawa ng iba’t-ibang himala, ang mga pangyayaring ito ay hindi karaniwan at ito ay nagawa lamang sa kapahintulutan ng Makapangyarihang Panginoon. Si Moses: |

| | |
|---|---|
|  | (Exodo14:22), Si Elisha (PBUH): (2 Mga Hari 4:44) , (2 Mga Hari 5:14), (2 Mga Hari 6:17&20), (2 Mga Hari 4:34), (2 Mga Hari 13:21), Si Elijah (PBUH): (1 Mga Hari 17:22), Si Jesus (PBUH): (Lucas 9:10-17), (Juan 6:16-24), (Marcus 6:45-52), (Mateo 14:22-33).<br><br>Si Jesus (PBUH) ay hindi kumilos ayon sa kanyang sariling kagustuhan, sinabi niya sa (Juan 5:30): "Wala akong magagawa sa pamamagitan ng aking sarili; hinahatulan ko lamang ang kung ano ang narinig ko , at ang hatol ko ay makatarungan, sapagkat hindi ko ito ginagawa para sa aking sarili kung hindi sa Kanya na nagpadala sa akin, ganun din sa (Juan 8:28) "...wala akong ginawa ayon sa aking sariling kagustuhan; maliban sa kung ano ang itinuturo sa akin ng aking Ama, Sinabi ko ang mga bagay na ito." Ang mga katagang ito ay hindi nangangahulugan ng walang hanggang karunungan. Ibinaba ni Jesus (PBUH) ang kanyang sarili, at ipinakita niya kung gaano siya kababa o kalayo sa kakayahan ng Makapangyarihang Panginoon.<br>Ipinatupad ni Jesus (PBUH) ang pagbabatas na ito. |

| **Kaparaanan ng mga Kristiyano** | **Kaparaanan ng mga Muslim** |
|---|---|
| Kinukonsidera ng mga Kristiyano ang mga himalang ginawa ng mga naunang Propeta bilang patunay ng kanilang pagiging Propeta at kanila itong ginawa sa kapahintulutan ng Dakilang Tagapaglikha, subalit kanilang pinapaniwalaan na ang mga himala na ginawa ni Jesus (PBUH) ay patunay ng kanyang Kabanalan.<br><br>Ang mga kristiyano ay hindi sumunod sa batas na ipinatupad ni Jesus (PBUH). | Ang mga Muslim ay naniniwala na sinusuportahan ng Panginoon ang kanyang mga Propeta gaya ni: Abraham, Moses, David, Solomon, Jesus, at Muhammad (sumakanila nawa ang kapayapaan) ng mga himala, sa mga bagay kung saan magagaling ang mga tao sa panahon ng bawat propeta, ang mga himalang ito ay nagawa lamang sa kapahintulutan ng Panginoon. Sa Maluwalhating Qur'an, ang pangalan ni Jesus (PBUH) ay 25 beses naulit, ang pangalan ng kanyang ina na si Birheng Maria ay 34 beses naulit, habang ang pangalang Muhammad (PBUH) ay 3 beses lamang naulit at ang Ahmad ay 1 beses. |

| | |
|---|---|
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Kristiyano?** | |
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Muslim?** | ✔ |

| Paghahambing | Kaparaanan ni Jesus Christ (PBUH)<br>Pagsunod sa mga naunang Propeta at pagtupad sa kanilang batas. |
|---|---|
| **16- Pagbati**<br> | Si David (PBUH) binabati ang mga tao sa pagsasabi ng "Shalom aleichem" na ang ibig sabihin sa Hebrew na lenguahe "Sumaiyo ang kapayapaan": (1 Samuel 25:6).<br>Sinundan ni Jesus (PBUH) ang ganitong tradisyon, at bumati din sa mga tao sa parehong paraan ng pagsasabi ng "Sumaiyo ang Kapayapaan": (Juan 20:19), (Juan 20:21), (Juan 20:26), (Lucas 24:36).<br>Ipinatupad ni Jesus (PBUH) ang tradisyon na ito. |

| Kaparaanan ng mga Kristiyano | Kaparaanan ng mga Muslim |
|---|---|
| Ang mga Kristiyano ay hindi binabati ang isa't-isa ng " Sumaiyo ang Kapayapaan ".<br><br>Ang mga kristiyano ay hindi sumunod sa tradisyon na ito na ipinatupad ni Jesus (PBUH). | Ang mga Muslim ay binabati ang bawat isa ng : "as-Salāmu ʿalaykum" na ang ibig sabihin sa Arabic na lenguahe ay " Sumaiyo ang Kapayapaan ". Ang Maluwalhating Qur'an (6:54), (7:46), (11:48), (13:24) (39:73), (11:69), (14:23), (36:58), (97:5). |

| | |
|---|---|
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Kristiyano?** | |
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Muslim?** | ✔ |

| Paghahambing | Kaparaanan ni Jesus Christ (PBUH)<br>Pagsunod sa mga naunang Propeta at pagtupad sa kanilang batas. |
|---|---|
| **17- Inuming Nakalalasing**<br> | Ang mga naunang Propeta ay hindi uminom mula sa mga nakalalasing na inumin. Si Moses (PBUH): (Levitico 10: 8-10), (Mga Bilang 6: 1-4), Si Solomon (PBUH): (Mga Kawikaan 20: 1), (Mga Kawikaan 23: 29-33), Si Isaias: (Isaias 5: 22-24), (Isaias 5: 11-12), (Posibleng) Si Samuel: (Mga Hukom 13: 4-7). Si Jesus (PBUH) ay maingat na sumunod at nagpatupad ng batas na ito.<br><br>Tungkol sa "himalang paggawa ng Alak mula sa tubig" ito ay matatagpuan sa aklat ni (Juan 2:1-11), na sumasalungat sa 3 pang aklat. |

| | |
|---|---|
| | Ang mga iskolar ng Bagong Tipan ay nagpahayg ng kanilang pag aalinlangan sa katotohanan ng pangyayaring ito.. |

| Kaparaanan ng mga Kristiyano | Kaparaanan ng mga Muslim |
|---|---|
| Maraming mga Kristiyano ang umiinom ng iba't ibang klase ng nakalalasing na inumin, kanilang binaliwala ang salita ng Diyos sa pag aakalang hindi lahat ay naaangkop sa kanila.<br><br>Ang mga kristiyano ay hindi sumunod sa batas na ito na ipinatupad ni Jesus (PBUH). | Ito ay isang karaniwang kaalaman sa mga Muslim na ang anumang inuming nakalalasing ay ipinagbabawal, sapagkat negatibong naapektuhan nito ang kanilang ugnayan sa Panginoon, at maaaring mag dulot ito sa kanila ng hindi magandang resulta sa kalusugan at maging sanhi ng iba pang problema. Ang Maluwalhating Qur'an (5:90). |


| | |
|---|---|
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Kristiyano?** | |
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Muslim?** | ✔ |

| **Paghahambing** | **Kaparaanan ni Jesus Christ (PBUH)<br>Pagsunod sa mga naunang Propeta at pagtupad sa kanilang batas.** |
|---|---|
| **18- Karne ng Baboy**<br> | Si Moses (PBUH) ay hindi kumain ng karne ng baboy bilang pagsunod sa pagbabawal nito na nabanggit sa: (Levitico 11: 7-8) at (Deuteronomio 14:8).<br><br>Si Jesus (PBUH) ay maingat na sumunod at nagpatupad ng batas na ito: (Mateo 5:17-18), (Lucas 24:44). |

| Kaparaanan ng mga Kristiyano | Kaparaanan ng mga Muslim |
|---|---|
| Maraming mga Kristiyano ang kumakain ng karne ng baboy, kanilang binaliwala ang salita ng Diyos sa pag aakalang hindi lahat ay naaangkop sa kanila., Ipinaliwanag ng mga | Ang mga Muslim ay hindi kumakain ng karne ng baboy at anumang produkto mula dito dahil ito ay ipinagbabawal. Ang Maluwalhating Qur'an (5:3), (2:173). |

| | |
|---|---|
| iskolar ng Kristiyano ang pahayag ni Pablo at usapang hinggil sa pagiging vegetarian sa (Mga Taga Roma 14:2-3) upang pahintuluan ang pagkain ng mga may contaminadong pagkain mula sa ritwal na mga gawain<br>Ang mga kristiyano ay hindi sumunod sa batas na ito na <u>ipinatupad</u> ni Jesus (PBUH). | |

| | |
|---|---|
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Kristiyano?** | |
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Muslim?** | ✔ |

| **Paghahambing** | **Kaparaanan ni Jesus Christ (PBUH)**<br>**Pagsunod sa mga naunang Propeta at pagtupad sa kanilang batas.** |
|---|---|
| **19- Pagkatay ng hayop**<br><br> | Ang salitang Hebrew na "Shechita" ay ritwal na pagkatay sa hayop at mga ibon ayon sa pagbabatas ng mga Hudyo hinggil sa kanilang pagkain: (Deuteronomio 12:21), (Deuteronomio 14:21), (Mga Bilang 11:22).<br><br>Ang ritwal na taga-katay ay, hinihingi ang basbas at binabanggit ang pangalan ng Diyos, at wala nang ibang pang binabanggit. Ang hayop ay dapat makatay ng may "paggalang at pag iingat" ng taga-katay, ito ay ginagawa sa paggilit sa trachea, esophagus, carotid arteries, jugular na ugat nang mabilis gamit ang matalas na kutsilyo. Dahilan upang bumaba agad ang presyon ng dugo sa utak ng hayop at hindi na makapasag at tuluyang mawalan ng ulirat. Sa kabuuan ng proceso ng ganitong pagkatay, ang karne ay nagiging angkop upang kainin at tinatawag na "Kosher" sa wikang Hebrew. Nasasaad sa Mga Gawa 15:20 "subalit isinulat namin para sa kanila, na huwag silang kakain ...mula sa mga bagay na <u>binigti</u>, at mula sa <u>dugo</u>." Si Jesus (PBUH) ay maingat na sumunod at <u>nagpatupad</u> ng batas na ito<br><u>Ang pagkatay ba ay malupit?</u><br>ito ay nalalaman sa pamamagitan ng pag susuri gamit ang mga tala sa EEG at ECG habang kinakatay ang hayop. |

| Kaparaanan ng mga Kristiyano | Kaparaanan ng mga Muslim |
|---|---|
| Bago magkatay, binabanggit ng mga Kristiyano ang pangalan ng Diyos sa Banal na Trinidad, ang iba binabanggit ang pangalan ni Jesus bilang pangalawa sa tatlong persona ng Diyos, ang iba naman ay walang binabanggit na kung anong pangalan. Ang ilang mga kompanya ng katayan ay binibigti ang hayop upang manatili ang dugo sa karne ng hayop, ang paraan na ito ay ipinagbabawal sa (Mga Gawa 15:20), ang ibang kumpanya ay binabaril o di kaya ay kinukuryente ang hayop upang manghina ito.<br><br>Sa tala ng EEG mababasa kung dumanas ba ng labis na sakit ang hayop.<br><br>Ang mga Kristiyano ay hindi sumunod sa pamamaraan ng pagkatay ng hayop na nakasaad sa Bibliya.<br>Ang mga kristiyano ay hindi sumunod sa batas na ito na ipinatupad ni Jesus (PBUH). | Maraming mga kundisyon sa Islamikong pamamaraan ng pagkatay (Zabiha), ang pangunahing kundisyon ay ang sumusunod: 1) Ang taga-katay ay Muslim. 2) Pagbigkas ng "Takbeer" pagkatay sa hayop, hal. Pagsabi ng "Allahu Akbar" na ang ibig sabihin ay Ang Panginoon (Allah) ay Dakila. 3) na ang lalamunan, daanan ng hininga at jugular na ugat ay mapuputol. Ang karne ay nagiging sariwa sa mas matagal na panahon dahilan sa kakulangan ng dugo sa karne at ito ay pinapahintulutang kainin, sa Arabic ito ay tinatawag na "Halal".<br><br>Sa tala ng EEG, zero ang mababasa, nangangahulugan na walang sakit na naranasan ang hayop na kinatay.<br>Ang Maluwalhating Qur'an (22:34), (6:121), (5:3), (2:173). |

| | |
|---|---|
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Kristiyano?** | |
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Muslim?** | ✔ |

| Paghahambing | Kaparaanan ni Jesus Christ (PBUH)<br>Pagsunod sa mga naunang Propeta at pagtupad sa kanilang batas. |
|---|---|
| **20-** Pagkain ng Karne na may Dugo<br> | Ang mga naunang propeta ay nag utos sa mga tao na huwag kumain ng anumang karne na may dugo sa laman nito, Si Noah (PBUH): (Genesis 9:3-4), Si Moses (PBUH): (Levitico 19:26), (Levitico 17:10-14), (Deuteronomio12:16,23).<br><br>Nakasaad sa Mga Gawa 15:20 " subalit isinulat namin para sa kanila, na huwag silang kakain ...mula sa mga bagay na binigti, at mula sa dugo."<br><br>Si Jesus (PBUH) ay sumunod at nagpatupad ng batas na ito. |

| Kaparaanan ng mga Kristiyano | Kaparaanan ng mga Muslim |
|---|---|
| Sa mga Kristiyno, maaaring kumain ng karne na may dugo sa laman nito (hal: rare steaks), subalit ito ay ipinagbabawal at nakasaad sa (Mga Gawa 15:20), (Mga Gawa 15:29). Sila ay naniwala na ang panuntunang ito ay hindi pinatupad ng mga sinaunang simbahan.<br>Ang mga kristiyano ay hindi sumunod sa batas na ito na ipinatupad ni Jesus (PBUH). | Sa Islam ipinagbabawal ang pagkain ng karne na may dugo sa laman nito.<br><br>Ang Maluwalhating Qur'an (6:145), (2:173), (5:3). |

| Si Jesus (PBUH) ba ay Kristiyano? | |
|---|---|
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Muslim?** | ✔ |

| Paghahambing | Kaparaanan ni Jesus Christ (PBUH)<br>Pagsunod sa mga naunang Propeta at pagtupad sa kanilang batas. |
|---|---|
| **21- Naka belong mga Kababaihan**<br> | Nakabelong mga kababaihan ang namuhay sa paligid ni Jesus (PBUH) at ng mga naunang Propeta . (Genesis 24: 64-65), (1 Mga Taga Corinto 11:5-6).<br>Kailanman hindi itinuring ni Jesus (PBUH) ang belo bilang isang lumang ritwal o batas ng kultura na hindi na naa-angkop .<br>Si Jesus (PBUH) ay maingat na sumunod at nagpatupad ng batas na ito. (Mateo 5:17-18), (Lucas 24:44). |

| Kaparaanan ng mga Kristiyano | Kaparaanan ng mga Muslim |
|---|---|
| Karamihan sa mga babaeng Kristiyano ngayon ay hindi nagsusuot ng belo, hindi pinapangalagaan at ipinapakita ang kanilang kagandahan. Ang belo ay tinuturing na makalumang ritwal at panuntunan ng kultura na hindi na akma sa ngayon. Ang mga kristiyano ay hindi sumunod sa batas na ito na ipinatupad ni Jesus (PBUH). | Karamihan sa mga babaeng Muslim ay naka belo, pinapangalagaan at hindi ipinapakita ang kanilang kagandahan.<br>Ang Maluwalhating Qur'an (24:31), (33: 59). |

| Si Jesus (PBUH) ba ay Kristiyano? | |
|---|---|
| Si Jesus (PBUH) ba ay  Muslim? | ✔ |

| Paghahambing | Kaparaanan ni Jesus Christ (PBUH)<br>Pagsunod sa mga naunang Propeta at pagtupad sa kanilang batas. |
|---|---|
| 22- Kalinisan Paghuhugas sa buong katawan<br> | Ipinag-utos ni Moses (PBUH) ang batas sa (Levitico 11), (Levitico 12), at (Deuteronomio 14) para sa kadalisayan (tohoRAH) / hindi dalisay (tumAH).<br><br>Si David (PBUH) ay naghugas upang maging malinis at nagpunta sa bahay sambahan at nagsamba: (2 Samuel 12:20), si Elisha (PBUH): (2 Mga Hari 5:10, 14).<br><br>Hindi pinawalang bisa o sinalungat ni Jesus (PBUH) ang batas sa kalinisan o karumihan. Sumagot si Jesus (PBUH), "ang isang tao na bagong paligo ay kailangan lamang maghugas ng kanyang paa; ang kanyang buong katawan ay malinis. At ikaw ay malinis, ..." (Juan 13:10).<br>Hindi tinanggihan ni Jesus (PBUH) ang anumang makabagong ritwal sa pagsagawa ng kadalisayan / o pag alis ng karumihan. Sa Bagong Tipan, ipinakita ang pagsasagawa ng paghuhugas ng katawan (ritwal na pagdadalisay at ang ispiritual, moral at etikal na katumbas nito) gamit ang purong tubig ipinagpatuloy ng mga tagasunod ni Jesus (PBUH): (Mga Hebreo 10:22).<br>Si Jesus (PBUH) ay maingat na sumunod at nagpatupad ng batas na ito. |

| Kaparaanan ng mga Kristiyano | Kaparaanan ng mga Muslim |
|---|---|
| Karamihan sa mga Kristiyano ngayon ay hindi na sinusunod o binibigyang pansin ang kalinisan/karumihan, ang Levitico na Batas. halimbawa, ang mga lalaki at kanilang mga asawa pagkatapos mag talik, ang mga kalalakihan matapos na may lumabas na semen, ang mga kababaihan matapos ang kanilang buwanang dalaw ay maaaring | Maraming pagbabatas sa Islam hinggil sa Kadalisayan / kalinisan (taharah) / impurity (najasah). Halimbawa: ang mga lalaki at kanilang mga asawa pagkatapos mag talik, ang mga kalalakihan matapos na may lumabas na semen, ang mga kababaihan na mayroong buwanang dalaw ay hindi maaaring pumasok sa Mosque at magdasal hanggat |

| | |
|---|---|
| pumunta sa simbahan nang hindi nakapaghugas ng katawan upang dalisayin ang sarili. Ang Gawaing ito ay base sa Paul's Epistles: (1 Mga Taga Tesalonica 5:16-18) "Magdasal ng walang tigil". Subalit, ang ibig sabihin lamang ng talatang ito ay "palaging alalahanin ang Diyos", hindi nito sinasabi na "Magdasal ka ikaw man ay malinis o hindi"! Ang mga kristiyano ay hindi sumunod sa batas na ito na ipinatupad ni Jesus (PBUH). | hindi pa sila malinis at napaliguan ang kanilang buong katawan upang maging dalisay. Sa Islam ang regla ay hindi "sumpa" o bunga ng "so-called original sin of Eve'. Ang Maluwalhating Qur'an (2:222). Ang Islam nagbigay ng gabay mula sa Pangioon (Allah) at kay Propheta Muhammad (PBUH) kung saan ang isang tao ay "palagian alalahanin ang Panginoon." |

| | |
|---|---|
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Kristiyano?** | |
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Muslim?** | ✔ |

| **Paghahambing** | **Kaparaanan ni Jesus Christ (PBUH)**<br>**Pagsunod sa mga naunang Propeta at pagtupad sa kanilang batas.** |
|---|---|
| **23 Poligamya**<br> | Ang pag a-asawa ng higit sa isa ay nangyari sa mga Propeta bago pa dumating si Jesus (PBUH). Si Abraham (PBUH) ay may tatlong asawa: (Genesis. 25:1) at concubines: (Genesis 25:6). Si Jacob (PBUH) nagkaroon ng dalawang asawa at dalawang concubines: (Genesis 30:3,9). Si Moses (PBUH) ay nagkaroon ng dalawang asawa: (Exodo 2:21), (Exodo18:1-6), (Mga Bilang 12:1). Si David (PBUH) ay mayroong walong asawa at ito ay pinangalanan sa Bibliya, subalit marami pa siyang asawa na hindi pinangalanan at mahigit sa 10 na concubines: (1 Mga Cronica 3:1-9), (2 Samuel 15:16), (2 Samuel 16:21-22), (2 Samuel 20:3). Si Solomon (PBUH) nagkaroon ng 700 asawa, mga prinsesa at 300 na concubines (1 Mga Hari 11:3).<br><br>Hindi tinutulan o tinalakay ni Jesus ang usapin na pagbawas sa bilang ng mga asawa at concubines. Si Jesus (PBUH) ay sumunod at nagpatupad ng batas na ito. Ayon sa paring si Eugene Hillman ang simbahan sa Roma ay nagbawal ng polygamya upang sumunod sa kultura ng Greco-Roman na nag-uutos nang isang legal na asawa lamang habang pinahihintulutan ang pakiki-apid at prostitusyon. (Polygamy Reconsidered, p:140). |

| Kaparaanan ng mga Kristiyano | Kaparaanan ng mga Muslim |
|---|---|
| Karamihan sa mga Kristiyano ay may mahusay na pagpapakita ng monogamy, subalit sa katotohanan sila ay mayroon higit sa isang asawa, katulad ng kabit o kalaguyo. Karaniwan na ngayong makikita sa Kristiyanong kumunidad ang lantarang pakikipagrelasyon na walang kasal, live-in o pakiki-apid. **Ang problema ng hindi balanseng bilang ng kasarian** ay suliranin. Ang polygamya nananatiling maaaring solusyon sa ibang problema ng modernong lipunan . Ang mga kristiyano ay hindi sumunod sa batas na ito na ipinatupad ni Jesus (PBUH). | Pinahintulutan ng Islam ang polygamya bilang solusyon sa problema ng lipunan at pinapayagan lamang ayon sa limitasyon na binabalangkas ng batas, (hanggang apat na asawa) at naka saad ang pagpapananatili nang makatarungan na pakikitungo sa bawat asawa bilang pangunahing kundisyon nito.<br><br>Ang Maluwalhating Qur'an (4: 3). |


| | |
|---|---|
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Kristiyano?** | |
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Muslim?** | ✔ |

| Paghahambing | Kaparaanan ni Jesus Christ (PBUH)<br>Pagsunod sa mga naunang Propeta at pagtupad sa kanilang batas. |
|---|---|
| **24-** Pagyuko sa mga Idolo, Imahe, Rebulto, Estatwa at Krus**...**<br> | Ang mga naunang propeta (sumakanila nawa ang kapayapaan) ipinagbawal ang pagsamba sa mga diyos-diyosan tulad ng mga inukit na imahe, rebulto, larawan, idolo, wala dapat na imahe ng mga lalaki at babae sa kanilang mga templo at bahay sambahan, ipinagbawal din ang pag yuko sa mga ito. Ang Dakilang Panginoon ay tinawag na "mapanibughong Diyos". Si Moses (PBUH): (Exodo23:24), (Exodo 20:4-5), (Exodo 34:7), (Exodo 34:14), (Deuteronomio 5:6-9), (Deuteronomio 4:24), (Deuteronomio 5:9), Si David (PBUH): (Mga Awit 94:1), Si Joshua (PBUH): (Josue 23:7), (Josue 24:19), Si Elijah (PBUH): (1 Mga Hari 19:10), Si Ezekiel (PBUH): (Ezekiel 20:7), (Ezekiel 39:25), Si Nahum: (Nahum 1:2).<br><br>Ang mga naunang propeta (sumakanila nawa ang kapayapaan) ipinagbawal din ang pag yuko sa mga inukit na imahe, at rebulto na |





Ang impluwensya ng Pagano ang nagpakilala sa Krus bilang simbolo




<u>nagsisilbing diyos</u>. Si Moses (PBUH): (Exodo 20:3-5), (Deuteronomio 4:15-19), (Levitico 26:1), (Exodo 32:7-8), Si David (PBUH): (Mga Awit 135:15-18), Si Isaias (PBUH): (Isaias 44:9), (Isaias 2:17-18), at si Ezekiel: (Ezekiel 30:13).

Si Jesus (PBUH) ay sumunod at <u>nagpatupad</u> ng batas na ito.: (Mateo 5:17-18), (Lucas 24:44), (1 Juan 5:21), (Mga Gawa 17:28-29), (Pahayag 2:14), (Pahayag 2:20), (Pahayag 21:8), (Pahayag 22:15).

N.B. Ang hugis ng Krus ay nag umpisa sa sinaunang Chaldea, ito ay ginamit bilang simbolo ng diyos na si Tammuz (T ay letrang simbolo ng kanyang pangalan) ... upang madagdagan ang prestihiyo ng apostate ecclesiastical system ang mga pagano ay tinanggap sa simbahan, bukod sa pagbabagong buhay sa pamamagitan ng pananampalataya pinahintulutan din sila na panatilihin ang kanilang mga paganong senyales at simbolo. Gayun din ang T, sa pinakamadalas nitong uri, na ang pa-krus na guhit ay ibinaba ng bahagya, at pinagtibay upang maging simbolo ng "cross" ni Kristo. (Vine's Expository Dictionary of New Testament Words), Copyright © 1985, Thomas Nelson Publishers). Katulad ng nabanggit, impluwensya ng pagano na unti-unting ang Krus bilang simbolo, at kalaunan ay ginamit na ng mga Grecong-Romano.

| Kaparaanan ng mga Kristiyano | Kaparaanan ng mga Muslim |
|---|---|
| Ang Simbahan ay maraming uri ng Idolo tulad ng: mga larawan, Inukit na imahe ng Diyos, estatwa ni Birheng Maria, mga Anghel, imahe ni Jesus na nakapako sa Krus, at larawan o imahe ng mga santo, inukit na mga imahe, imahe ng mga of lalaki at babae, mga ibon, isda atbp.<br><br>Ang mga Kristiyano ay lumuluhod sa harap ng Krus, yumuyuko sa harap ng mga imahe at estatwa na gawa ng tao at pinagsisilbihan ang mga ito. Ang ilan sa kanila ay nagsusuot ng Krus "bilang simbolo ng kanilang paniniwala." | Sa Islam hindi maaaring magdasal sa isang silid na mayroong estatwa o imahe ng anumang nilikha. Maraming mga nasabing (Ahadith) ang Propeta (PBUH) tulad ng:<br><br>1-"Ang mga Anghel ay hindi pumapasok sa mga tahanan na may aso o may <u>mga imahe</u>." (Napagkasunduan).<br><br>2- "...'Ang mga tao na labis na mapaparusahan ay yaong mga <u>gumaya sa nilkha ng</u> <u>Allah</u>.'" (Napagkasunduan). |

| | |
|---|---|
| Nilabag ng mga Kristiyano ang ika-lawang utos sa Sampung Utos ng Diyos: (Exodo 20:3-5). Ang mga kristiyano ay hindi sumunod sa batas na ito na ipinatupad ni Jesus (PBUH). | Sinira ni Prophet Muhammad (PBUH) ang 360 idols na nakapalibot sa Kaaba na sinamba ng mga tao bago nila matunghayan ang Islam |

| | |
|---|---|
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Kristiyano?** | |
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Muslim?** | ✔ |

| **Paghahambing** | **Kaparaanan ni Jesus Christ (PBUH)**<br>**Pagsunod sa mga naunang Propeta at pagtupad sa kanilang batas.** |
|---|---|
| **25- Pakiki-apid**<br><br> | Nakasaad sa (Mga Hebreo 13:4) na ang kasal ay dapat na pinapahalagahan ng lahat, at ang kama ng mag-asawa ay pinapanatiling dalisay, sapagkat hahatulan ng Panginoong ang nakiki-apid at lahat ng mga imoral. Ang pakiki-apid ay ipinagbabawal "Huwag kang Mangalunya" (**Ang pangangalunya ay** 49 na beses nabanggit sa Bibiya sa magkakaibang kaparaanan). (Exodo 20:14), (Levitico 20:10), (Deuteronomio 5:18), (Mga Awit 51:1), (Mga Kawikaan 6:32), (Jeremias 3:6), (Jeremias 3:8), (Jeremias 3:9), (Jeremias 5:7), (Jeremias 7:9), (Jeremias 23:14), (Jeremias 29:23), (Ezekiel 16:32), (Ezekiel 16:38), (Ezekiel 23:27), (Ezekiel 23:37), (Ezekiel 23:43), (Ezekiel 23:45), (Hosea 1:2), (Hosea 2:2), (Hosea 2:4), (Hosea 4:2), (Hosea 4:13), (Hosea 4:14), (Hosea 4:15), (Hosea 7:4), (Mateo 5:27), (Mateo 5:28), (Mateo 5:32), (Mateo 15:19), (Mateo 19:9), (Mateo19:18), (Marcus 7:21), (Marcus 10:11), (Marcus 10:12), (Marcus 10:19), (Lucas 16:18), (Lucas 18:20), (Juan 8:3), (Juan 8:4), (Mga Taga Roma 2:22), (Mga Taga Roma 13:9), (Mga Taga Galacia 5:19), (Santiago 2:11), (2 Pedro 2:14), (Pahayag 2:22), (Pahayag 17:2), (Pahayag 18:3), (Pahayag 18:9).<br>Si Jesus (PBUH) ay sumunod at nagpatupad ng batas na ito. |

| **Kaparaanan ng mga Kristiyano** | **Kaparaanan ng mga Muslim** |
|---|---|
| Maraming mga Kristiyano ang naniniwla na hindi magpapataw ng paghuhukom ang Panginoon sapagkat si Jesus ang kanilang tagapagligtas, pinahintulutan nila ang sekswal na relasyon sa labas ng matrimonyo ng kasal, | Ang mga Muslims ay maingat sa pag kakasal, sapagkat hindi ipinahihintulot sa Islam ang sexual na relasyon bago ikasal, pakiki-apid, kalaswaan, ...atbp. Ito ay mga malalaking pagkakasala. |

| | |
|---|---|
| pakiki-apid, kalaswaan, secretong relasyon ,...atbp.<br><br>Marami sa kanila ang nakalimot na ang pakiki-apid ay kasalanan sa Diyos , at hindi sila sumunod sa batas na ito na ipinatupad ni Jesus (PBUH). | Ang Maluwalhating Qur'an (24:3-4), (17:32), (7:33), (24:26). |

| | |
|---|---|
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Kristiyano?** | |
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Muslim?** | ✔ |

| **Paghahambing** | **Kaparaanan ni Jesus Christ (PBUH)**<br>**Pagsunod sa mga naunang Propeta at pagtupad sa kanilang batas.** |
|---|---|
| **26- Kalinisan Pag Tuli**<br> | Ang Pag Tuli ay hindi batay sa pagbabatas sa kapanahunan ni Moses kundi kay Abraham: (Genesis 12:1-3). Si Propeta Abraham at ang kanyang angkan ay tunuli (walang hanggang tipan): (Genesis 17:1-2). Ang hindi pagpatuli ay paglabag sa kautusan ng Diyos: (Genesis 17:14). Ang pagpapatuli ay isang ganap na pangunahing kailangan upang makalahok sa pagtaguyod ng "Passover": (Exodo 12:44,48). Ang pangkalahatang pagbabatas na ito ay naulit sa (Levitico 12:3). Exodo 4:26 binanggit ang pag tuli sa anak ni Moses. Josue ini-ulat ang pagtuli bago pumasok sa lupang pangako. Sa Genesis 34:15 ipinagbawal sa mga nakatatanda ang pagbigay pahintulot sa pag aasawa ng isang mananampalatayang babae sa isang hindi tinuli na lalaki.<br>Iningatan ni Jesus (PBUH) ang "walang hanggang tipan" at Siya ay tinuli: (Lucas 2: 21), (Lucas 1:59), (Mga Taga Roma 2:29). Si Jesus ay nagsalita tungkol sa pagtuli sa Juan 7:22-23. Si Jesus (PBUH) ay maingat nasumunod at nagpatupad ng batas na ito. |

| **Kaparaanan ng mga Kristiyano** | **Kaparaanan ng mga Muslim** |
|---|---|
| Sa pangkalahatan, ang mga lalaking Kristiyano ay hindi tuli dahil sa maling interpretasyon ni Pablo, na nagsabi na ang | Bilang pangkalahatang kagawian ang lahat ng lalaking Muslim ay tinuli, dahil ito ay kagawian na umpisa kay Propeta Abraham (Ibrahim) |

| | |
|---|---|
| pagtuli ay isang bagay sa puso at sa pamamagitan ng espitiru: (Mga Taga Roma 2:29). Sinabi ni Pablo "Hindi ka makikinabang kay Kristo kung ikaw ay tuli": (Mga Taga Galacia 5:2), "...anong halaga meron ang pagtuli?...":(Mga Taga Roma 3:1-2). sa 1 Mga Taga Corinto 7:18-19 inulit muli ni Pablo na ang pagtuli ay walang kwenta. Hindi sumunod ang mga Kristiyano sa batas na ito na ipinatupad ni Jesus (PBUH). | (PBUH), gayundin ito ay isinagawa (Sunnah) ng ating pinakamamahal na Propeta Muhammad (PBUH). |

| | |
|---|---|
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Kristiyano?** | |
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Muslim?** | ✔ |

| **Paghahambing** | **Kaparaanan ni Jesus Christ (PBUH)**<br>**Pagsunod sa mga naunang Propeta at pagtupad sa kanilang batas.** |
|---|---|
| **27- Usury Pagpapataw ng porsyento o tubo**<br> | Ang Biblical na katawagan sa 'usury', "Neshek", ay negatibo, mula sa ugat na ang kahulugan ay tumuklaw katulad ng isang ahas.<br>Ang mga naunang Propeta ay hindi pabor sa pagkuha o pagbigay ng tubo o pursyento: (Deuteronomio 23:19,20), (Levitico 25:36-37), (Exodo 22:25), (Ezekiel 18:8-9), (Ezekiel 18:13), (Ezekiel 18:17), (Ezekiel 22:12), (Mga Awit 15:1-5), (Jeremias15:10).<br><br>Si Jesus (PBUH) ay hindi pabor sa pagkuha o pagbigay ng tubo o pursyento: (Mateo 25:27) at (Lucas 19:22-23). Si Jesus (PBUH) ay maingat na sumunod at nagpatupad ng batas na ito: (Mateo 5:17-18), (Lucas 24:44). |

| **Kaparaanan ng mga Kristiyano** | **Kaparaanan ng mga Muslim** |
|---|---|
| Sa panahon ngayon hindi alam ng mga Kristiyano na ang pagkuha o pagpataw ng tubo o interes ay kasalanan. | Ang Arabic na salita ng usury ay, "Reba", mula sa ugat na kahulugan na 'dagdagan'. Ang mga Muslim ay naka buo ng alternatibong Sistema ng pagba-bangko na tinawag na "Islamic Banking" na kung saan walang pinapataw na |


| | |
|---|---|
| Hindi sumunod ang mga Kristiyano sa batas na ito na <u>ipinatupad</u> ni Jesus (PBUH). | interes upang maiwasan ang pagtanggap o pagbigay ng tubo o interes. Ang Maluwalhating Qur'an (2: 275, 276, 278), (3:130), (4:161). |

| | |
|---|---|
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Kristiyano?** | |
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Muslim?** | ✔ |

| **Paghahambing** | **Kaparaanan ni Jesus Christ (PBUH)**<br>**Pagsunod sa mga naunang Propeta at pagtupad sa kanilang batas.** |
|---|---|
| **28- Balbas at Mahabang Damit**<br> | Ang mga naunang Propeta ay may mga balbas: (Mga Awit 133:2), (Isaias 50:6), (Ezra 9:3). Ang Mosaic Law ay ipinagbawal ang pagputol ng patilya at ng balbas': (Levitico 19:27), (Levitico 21:5). Si Jesus (PBUH) ay maingat na sumunod at <u>nagpatupad</u> ng batas na ito.<br><br>Si Moses (PBUH) at si Aaron nagsusuot ng mahabang damit: (Mga Bilang 15:38), (Levitico 16:23), (Exodo 29:29), (Exodo29:5), (Exodo 28:2), (Exodo 31:10). Si Jesus (PBUH) ay nagsusuot din mga mabang damit: (Mateo 9:20-22), (Lucas 8:43-48) at (Marcus 6:56). Si Jesus (PBUH) ay maingat na sumunod at <u>nagpatupad</u> ng batas na ito. |

| **Kaparaanan ng mga Kristiyano** | **Kaparaanan ng mga Muslim** |
|---|---|
| Madalang na sa ngayon ang mga lalaking Kristoyano ang nagsusuot ng mahabang damit katulad ng kay Jesus (PBUH), ang iba ay nagpapahaba ng balbas dahil sa uso. Hindi sumunod ang mga Kristiyano sa tradisyon na ito na <u>ipinatupad</u> ni Jesus (PBUH). | Maring mga Muslim ay may balbas, sapagkat sinusunod nila ang gawain (Sunnah) ni Propeta Muhammad (PBUH).<br>Karamihan sa mga Muslim ay simple at kagalang-galang kung manamit, madalas sa kanila ang nakamahabang damit. |

| | |
|---|---|
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Kristiyano?** | |
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Muslim?** | ✔ |

| **Paghahambing** | **Kaparaanan ni Jesus Christ (PBUH)**<br>**Pagsunod sa mga naunang Propeta at pagtupad sa kanilang batas.** |
|---|---|
| **29-** Pangalan ni Muhammad (PBUH) nabanggit sa Lumang Tipan<br> | Sa Ang Awit ni Solomon (Shir ha-Shirim, 5:16), ang salitang מַחֲמַדִּים ay binabasa sa orihinal nitong anyo na 'Ma·ha·mad·dim'; sa lenguahe ng Hebrew, ang 'im' ay idinadagdag bilang paggalang, ang orihinal na salita ng מַחְמַד ay mula sa "hamad" na kung saan parehong sa Hebrew at Arabic ay pandiwa, "papuri, pagnanais at ito ay ang pinag-ugatan ng Arabic na salita na ( مُحَمَّدٌ ) at binabasa na Muhammad.<br><br>Kung ang Mahammad **מַחְמַד** ay basta lamang na salita, walang kahulugan, bakit ito naisalin bilang **"lovely / kamahal-mahal"** o **"desirable / kagusto-gusto"? Dahil ang** Mahammad **מַחְמַד ay naisalin ng mali at may maling pagpapakahulugan!.**<br>Kung papanoorin mo ang video ng Awit ni Solomon 5:16 basahin sa Hebrew: youtube.com/watch?v=3YsA45CuvFk , at maririnig mo ang Hebrew **Rabbi** na binabasa ito ng Mahammad-im**.**<br><br>**Ayon sa Strong's Concordance**<br>**Orihinal na salita: מַחְמַד**<br>**Bahagi ng pananalita:** pangngalan **Panlalaki**<br>Kung ganun bakit ang pangngalan **panlalaki מַחְמַד** ay naisalin bilang paglalarawan **("lovely at kamahal-mahal ")?.**<br>Kung kokupyahin mo itong Hebrew na salitang מחמד at ididikit sa 'the translation web sites': http://www.freetranslation.com, at http://www.worldlingo.com matutunghayan mo na ang salitang מחמד ay Muhammad ang pagsasalin. |

| **Kaparaanan ng mga Kristiyano** | **Kaparaanan ng mga Muslim** |
|---|---|
| Ang mga Hudyo ay sasabihin ito sa wikang Hebrew מַחֲמַדִּים ay tinatalakay si Solomon (PBUH), habang ang mga Kristiyano ay tinatalakay si Jesus (PBUH). Ang Biblical na salin ng talata ay: "Ang kanyang bibig ay mas matamis: oo siya ay kamahal-mahal. Ito ang aking minamahal, ang aking kaibigan o mga anak na babae ng Jerusalem ." | Ang tamang pagsasalin sa (Awit ni Solomon, 5:16) ay nararapat na ganito: "ang kanyang bibig ay mas matamis: oo, siya ay si Muhammad. Ito ang aking minamahal, ang aking kaibigan o mga anak na babae ng Jerusalem ." |

| | |
|---|---|
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Kristiyano?** | |
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Muslim?** | ✔ |

| **Paghahambing** | **Kaparaanan ni Jesus Christ (PBUH)**<br>**Pagsunod sa mga naunang Propeta at pagtupad sa kanilang batas.** |
|---|---|
| **30- Ang mga Muslim ay nabanggit sa Bibleya**<br><br>אֵין תַּלְמִיד נַעֲלֶה עַל רַבּוֹ; שֶׁכֵּן כָּל אָדָם שֶׁמֻּשְׁלָם יִהְיֶה כְּרַבּוֹ. | Ang pangalan na "Meshullam" sa Hebrew מְשֻׁלָּם ay karaniwan sa post-exilic na panahon, 25 beses itong nabanggit sa Bibliya. Sa (Lucas 6:40) Bibliya ng Hebrew, ginamit ni Jesus (PBUH) ang salitang שמשלם at ang literal na salin ay "She-Mushlam". Ang pinanggalingan ng 2 Hebrew na salita na "Meshullam" at "Mushlam" ay "Shalam" שָׁלַם , at ang original na Arabic na salita nito ay مُسْلِمٌ "Muslim" ay mula sa "Salima" سَلِمَ . Parehong sa Hebrew at Arabic na lenguahe "Shalam" at "Salima", ay may parehong kahulugan "Upang maging Mapayapa, mapayapang pagsunod, pagsuko sa Diyos, upang maging kumpleto, "perpektong puso" tungo sa Diyos. Ang Ibig sabihin ng Mushlam ay Muslim. |

| **Kaparaanan ng mga Kristiyano** | **Kaparaanan ng mga Muslim** |
|---|---|
| Ang Salitang Hebrew שמשלם " She-Mushlam" ay isinalin na "perpekto".<br><br>Ang Biblical na salin ng talata sa (Lucas 6:40) ay ang sumusunod: " Ang desipolo ay hindi nakaka taas sa kanyang maestro: subalit ang bawat isa na perpekto ay magiging katulad ng kanyang maestro. | Ang tamang salin ng salitang Hebrew שמשלם "She-Mushlam" ay Muslim.<br><br>Ang tamang salin para sa talata ng (Lucas 6:40) ay ang sumusunod: "Ang desipolo ay hindi nakaka taas sa kanyang maestro: subalit ang bawat isang Muslim ay magiging katulad ng kanyang maestro." |

| | |
|---|---|
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Kristiyano?** | |
| **Si Jesus (PBUH) ba ay Muslim?** | ✔ |

## Konklusyon

1- Sinunod at Ipinatupad ni Jesus (PBUH) ang batas ng naunang mga Propeta at Siya ay isang Muslim, ang kanyang relihiyon ay Islam.

2- Kung hindi mo sinusunod ang batas na ipinatutupad ni Hesu Kristo (PBUH), BAKIT mo tinatwag ang iyong sarili na Christ–ian?, katunayan, nararapat mong tawagin ang iyong sarili na Church-ian or Paul-inian o kung sinuman ang sinusunod mo.

3- Kung interesado ka na sundin ang kaparaanan ng mga Muslim, maaari mong bisitahin ang site na ito:

www.islamic-invitation.com

## Mga sanggunian


1- Ang Maluwalhating Qur'an.

2- Multilingual na pagsasalin ng Bibliya.

3- Ang Torah.


www.islamic-invitation.com